SEVEN OAKS SCHOOL DIVISION
community begins here

Board Office
830 Powers Street
Winnipeg, MB. R2V 4E7

Telephone: **204.586.8061**
Fax: **204.589.2504**

Enero 15, 2026

Paksa: Pagtatalaga ng Nasasakupang Lugar (Catchment Area) para sa École Mino Pimatisiwin na Magbubukas sa Setyembre 2026

Minamahal naming mga Pamilya ng Seven Oaks,

Ikinagagalak ng Seven Oaks School Division na ibahagi ang mahalagang impormasyon tungkol sa pagtatalaga ng nasasakupang lugar o *catchment area* para sa École Mino Pimatisiwin, ang ating bagong *dual-track* English at French Immersion na paaralan para sa Kindergarten hanggang Grade 8. Magbubukas ang paaralan sa Setyembre 2026 na may programa para sa Kindergarten hanggang Grade 6, at palalawakin sa Grade 7 sa Setyembre 2027 at Grade 8 sa Setyembre 2028.

Habang patuloy na lumalago ang ating komunidad, mahalagang makapasok ang mga estudyante sa paaralang malapit sa kanilang tahanan at manatiling balanse ang bilang ng mga naka-enrol sa buong Dibisyon. Upang masuportahan ito, nagtalaga kami ng bagong *catchment area* para sa École Mino Pimatisiwin. Bilang resulta, ang ilang mga estudyante na kasalukuyang pumapasok sa mga kalapit na paaralan, pangunahin na sa École Templeton at Riverbend School, ay kabilang na ngayon sa itinalagang hangganan ng bagong paaralan. Simula sa Setyembre 2026, ang mga estudyante sa Kindergarten hanggang Grade 6 na nakatira sa loob ng *catchment* na ito ay papasok sa École Mino Pimatisiwin bilang kanilang itinalagang paaralan.

Kasama sa bagong *catchment area* ang mga lugar (*neighbourhoods*) ng Aurora at North Point at Highland Pointe. Mangyaring tingnan ang mga sumusunod na link para sa mapa ng *catchment area*:

École Mino Pimatisiwin – English Catchment
École Mino Pimatisiwin – French Catchment

Kinikilala namin na ang paglipat ng paaralan ay maaaring magdulot ng mga katanungan para sa mga estudyante at pamilya. Ang aming layunin ay matiyak na ang bawat bata ay makaramdam na tinatanggap sila sa kanilang pagsali sa bagong komunidad ng paaralan. Sa mga darating na linggo at buwan, ang Seven Oaks School Division ay mag-aalok ng mga *open house*, sesyon para sa impormasyon, at mga pagkakataon para sa mga pamilya na matuto nang higit pa tungkol sa paaralan, mga programa nito, at ang proseso ng paglipat.

Ang mga pamilyang direktang maapketuhan ng bagong *catchment area* na ito ay makatatanggap ng personal na abiso na may karagdagang detalye mula sa Punong-guro ng École Mino Pimatisiwin na si Crystal Hanson.
Inaasahan namin ang pagtanggap sa mga estudyante at pamilya sa École Mino Pimatisiwin.

Sumasainyo,



Tony Kreml
Superintendent